MISYON

Mapakilos ang ating mga mamamayan para sa pangangalaga, pagpapanatili at pangangasiwa sa kapaligiran at likas na yaman para sa kasalukuyan at sa susunod na mga salinlahi.

BISYON

Isang bansang tinatamasa at pinapanatili ang kaniyang likas na yaman at isang malinis at kaaya-ayang kapaligiran.

MANDATO

Ang Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 192, serye ng 1987, ay ang inatasang maging ahensiya na pangunahing responsable para sa pagpapanatili, pangangasiwa, paglilinang, at wastong paggamit ng likas na yaman at kapaligiran ng bansa, partikular ang kagubatan at pastulan, yamang mineral, kabilang ang mga reserba at tubig-kanlungan (*watershed*), lupaing bayan, gayundin ang paglilisensiya at regulasyon sa lahat ng likas na yaman nang ayon sa batas upang matiyak ang pantay na pagbabahagi ng mga benepisyong mula sa mga ito para sa kapakanan ng kasalukuyan at susunod na mga salinlahing Filipino.